5

# Sagutang Papel ng Pagkatuto sa EPP

Kuwarter 3

Aralin 7

PAG-AARI NG PAMAHALAAN
HINDI IPINAGBIBILI

**Sagutang Papel Ng Pagkatuto sa EPP 5**
**Kuwarter 3: Aralin 7 (Linggo 7)**
**TP 2024-2025**

Ang materyal na ito ay inilaan lamang para sa paggamit ng mga guro na kalahok sa pilot implementasyon ng MATATAG K to 10 Curriculum sa taong panuruang 2024-2025. Layunin nitong mailahad ang nilalaman ng kurikulum, pamantayan, at mga kasanayang dapat malinang sa mga aralin. Ang anomang walang pahintulot na pagpapalathala, pamamahagi, pagmomodipika, at paggamit ay mahigpit na ipinagbabawal at may karampatang legal na katumbas na aksiyon.

Ang mga nahiram na nilalaman na kasama sa materyales na ito ay pag-aari ng mga may karapatang-sipi. Ginawa ang lahat upang malaman ang pinagmulan at makahingi ng permiso na magamit ang mga ito mula sa nagmamay-ari ng karapatang-sipi. Ang mga tagapaglathala at pangkat ng tagabuo ay walang anomang karapatan sa pagmamay-ari para sa mga ito.

**Bumuo sa Pagsusulat**

**Manunulat:**
- Maria Lea M. Sabino (Parada National High School)

**Tagasuri:**
- Aaron Jed Y. Tumbali (Philippine Normal University- South Luzon)

**Management Team**
Philippine Normal University
Research Institute for Teacher Quality
SiMERR National Research Centre

Ang bawat pag-iingat ay ginawa upang masigurado ang katiyakan ng mga impormasyong nakapaloob sa materyales na ito. Para sa mga katanungan o fidbak, maaaring sumulat o tumawag sa Tanggapan ng Direktor ng *Bureau of Learning Resources* sa mga numero ng telepono (02) 8634-1072 and 8631-6922 o mag-email sa blr.od@deped.gov.ph.

**SAGUTANG PAPEL NG PAGKATUTO**

| | | | |
|---|---|---|---|
| **Asignatura:** | EPP 5 | **Kuwarter:** | 3 |
| **Bilang ng Aralin:** | 7 | **Petsa:** | |
| **Pamagat ng Aralin/ Paksa:** | Kagamitan, Kahalagahan at Pamamaraan sa Paggawa ng Crochet Stitches | | |
| **Pangalan:** | | **Baitang at Pangkat:** | |

**I. Gawain Bilang 1**

**II. Mga Layunin:**

Tukuyin ang kahulugan ng mga kagamitan ginagamit sa paggantsilyo.

**III. Mga Kailangang Materyales**

Sulatan papel at panulat

**III. Panuto:**

Kilalanin ang inilalarawan sa bawat bilang upang ayusin ang ginulong titik.

___________1. **(ATLI)** - ang bawat isa ay may kanya-kanyang katangian at naiiba sa isa't isa gaya ng tekstura, tibay, at bigat.

___________2**. (TWIAK)** - ito ay maaaring yari sa kahoy, buto, plastik, bakal at aluminyo.

___________3. **(SILYOGANT)** - isang uri ng pananahi na binubuo ng interlocking ng looped mga tahi na nabuo gamit ang isang sinulid at isang naka-hook na karayom.

____________4. **(LAKBU)** - uri ng sinulid na makinis at karaniwang ginagamit sa paggantsilyo.

____________5. **(CHECRO)** - ito ay galing sa salitang French na ang ibig sabihin paggamit ng hook na mayroon komplikadong proseso sa paggawa ng lace.



https://www.pexels.com/photo/assorted-colour-crotechet-hooks-3639038/



https://www.flickr.com/photos/eraphernalia_vintage/5599618817



https://www.flickr.com/photos/volvob12b/14996784845



https://www.flickr.com/photos/avendesorra/2823407062/

Hingin sa mga mag-aaral ang kanilang hinuha para sa mga sumusunod na katanungan:

1. Ano ang ipinapakita ng mga nasa larawan?

2. Ano ang kahalagahan ng mga nabanggit na kagamitan sa paggagantsilyo (crochet)?

3. Bakit mahalaga ang kasanayan na ito na matutunan ang gaya mo?

**SAGUTANG PAPEL NG PAGKATUTO**

| | | | |
|---|---|---|---|
| **Asignatura:** | EPP 5 | **Kuwarter:** | 3 |
| **Bilang ng Aralin:** | 7 | **Petsa:** | |
| **Pamagat ng Aralin/ Paksa:** | Kagamitan, Kahalagahan at Pamamaraan sa Paggawa ng Crochet Stitches | | |
| **Pangalan:** | | **Baitang at Pangkat:** | |

**I. Gawain Bilang 2**

**II. Layunin:**

Nasasabi ang mga kahalagahan at kabutihang dulot ng paggagantsilyo.

**III. Mga Kailangang Materyales**

Sulating papel at panulat

**IV. Panuto:**

**Larawan Yarn!** Ano ang kaugnayan ng larawang inyong nakikta sa nakaraang paksang pinag-usapan.



https://www.pexels.com/photo/crochet-needles-and-threads-on-windowsill-4792084/

Palawakin ang inyong sagot sa pamamagitan ng mga gabay na tanong sa ibaba:

a. Ano ang makikita ninyo sa larawan?
b. Sa palagay ninyo, maari ba itong gamitin?
c. Anong kagamitan sa tahanan ang maaaring mabuo mula sa mga taling ito?
d. Paano kaya ito mabubuo?

**V. Sintesis/Pinagyamang Pagsasanay/Pinalawak (kung kailangan)**

Itugma ang mga *abbreviation* sa **Listahan A** sa *tamang kahulugan* na nasa **Listahan B.**

| **Listahan A** | **Listahan B** |
|---|---|
| dc | |
| ch | half double crochet |
| hdc | single crochet |
| sc | double crochet |
| st | stitch |
| | chain |

**SAGUTANG PAPEL NG PAGKATUTO**

| | | | |
|---|---|---|---|
| **Asignatura:** | EPP 5 | **Kuwarter:** | 3 |
| **Bilang ng Aralin:** | 7 | **Petsa:** | |
| **Pamagat ng Aralin/ Paksa:** | Pagbuo ng Crochet Stitches | | |
| **Pangalan:** | | **Baitang at Pangkat:** | |

**I. Gawain Bilang 3**

**II. Mga Layunin:**

Nasasabi ang mga sumusunod na pamamaraan ng pag buo ng *crochet stitches*.

**III. Mga Kailangang Materyales**


Sulatang papel, panulat, hook, at yarn

**IV. Panuto:**


**Gawain A: Gantsilyo Yarn!**

Halina' gumawa ng mga pangunahing tahi o stitches. Sundin ang mga alituntunin sa paggawa ng slipknot, chain stitch, single crochet, half double crochet at double crochet.


1.SLIP KNOT: Gumawa ng maliit na loop. Ipasok ang hook sa loop at higpitan ang loop sa hook. (*https://ph.pinterest.com/pin/342344009172996734/*)




2. CHAIN STITCH (ch): Mag-slip ng knot (buhol) sa hook. I-loop ang sinulid sa hook at hilahin ito sa loop ng hook. Ulitin ito upang maka buo ng isang kadenang stitches. (*https://ph.pinterest.com/pin/1115485401428235519*)





3.SINGLE CROCHET (sc): Ipasok ang hook sa kaliwang chain mula sa hook. I-loop ang sinulid sa hook at hilahin ito pabalik sa chain (dalawang loop sa hook). I-loop muli ang sinulid at hilahin ito sa dalawang loop ng hook. (*https://ph.pinterest.com/pin/356065914283371736/visual-search/?surfaceType=flashlight*)




ok ang
ik sa
chain (tatlong loop sa hook). I-loop muli ang sinulid sa hook at hilahin ito sa lahat ng tatlong loop. (*https://ph.pinterest.com/pin/AQDwocXfgBTuspRb0Do4KJtFOnT-xwxmVIx_XWiGfybuCjzhTKQC6PA*/)



5. Double Crochet (dc): I-loop ang sinulid sa hook (dalawang loop sa hook). Ipasok ang hook sa ikaapat na chain mula sa hook. I-loop ang sinulid sa hook at hilahin ito pabalik sa chain (tatlong loop sa hook). I-loop muli ang sinulid sa hook at hilahin ito sa unang dalawang loop sa hook (dalawang loop na lang ang natitira sa hook). I-loop muli ang sinulid sa hook at hilahin ito sa natitirang dalawang loop sa hook.
(*https://ph.pinterest.com/pin/816136763693396774/*)



| **Criteria** | **Excellent (30)** | **Good (25)** | **Satisfactory (20)** | **Needs Improvement (15)** | **Unsatisfactory (10)** |
|---|---|---|---|---|---|
| Consistency | Lahat ng chain ay pantay - pantay ang laki at tension. | Karamihan ng chain ay pantay - pantay may kaunting pag kakaiba. | May ilang chains na hindi pantay ang laki at tension | Maraming chains ang hindi pantay ang laki at tension. | Halos lahat ng chains ay hindi pantay at may iba't ibang laki. |
| Tightness | Tamang tightness, madaling pasukan ng hook. | Karamihan ng chains ay may tamang tightness | May ilang chains na masyadong mahigpit o maluwag. | Maraming chains ma masyadong mahigpit o maluwag. | Halos lahat ng chains ay masyadong mahigpit o maluwag. |
| Appearance | Maayos at magandang tingnan ang chains | Karamihan ay maayos tingnan. | May ilang chains na hindi maganda ang pagkakagawa. | Maraming chains na hindi maganda tingnan | Halos lahat ng chains ay hindi maganda tinan. |